

1

“Ano na, Megan? Wala ka pa bang boyfriend?”

For the nth time noong gabing iyon ay umiling si Megan Endaya bilang sagot.

Sa lagay na iyon, pasimula pa lang ang birthday party ng kanyang pinsan na si Mitzi na isang flight attendant. Sa katunayan, hindi pa dumarating ang babae dahil about an hour ago ay kalilipad pa lamang ng sinakyan nitong eroplano mula sa Bangkok at sa tantiya niya, mga tatlong oras pa bago ito makarating sa bahay sa Diliman.

Iyon na nga ba ang ayaw niya kapag uma-attend ng parties kasama ang pamilya, eh. Wala na silang ibang maitanong sa kanya kundi tungkol sa lovelife niya na nonexistent for the longest time. Paulit-ulit na lang...

“Aba, eh, maganda ka naman, bakit ba hindi ka pa nagkaka-boyfriend? Baka sinusupladahan mo?”

Lord, send me a lover! lihim na himutok niya.

“Auntie, ang bait-bait ko kaya. Kaya lang, siguro po nararamdaman nila bago pa man ako ligawan, na

maurirat ang mga kamag-anak ko.” Sinabayan niya ng walkout pagkasabi niyon. Pero ngumiti muna siya sa tiyahin para kunwari hindi siya naiinis at mukhang nagbibiro lang. Baka maakusahan pa siya na walang galang sa matatanda.

Paglabas niya sa garden ay pabagsak siyang naupo sa swing na naroon. Mabuti na lang walang tao, baka masinghalan niya dahil napipikon na talaga siya.

Inilapag niya ang hawak na baso ng strawberry wine at saka dahan-dahang idinuyan ang sarili para maaliw.

Gusto na niyang umuwi! Nakakapagod mag-explain. Eh, ano naman kasi kung wala pa siyang boyfriend? Curse ba iyon? Hindi din naman iyon batayan para maging successful sa buhay. Masaya kung mayroon, bakit nga ba hindi? Pero nakaka-enjoy rin namang maging single.

Huminga siya nang malalim. Nakakapagod mag-isip kung bakit nga ba twenty-four na siya ay wala pa siyang nakakarelasyon. Mabait, may angking talino at maganda siya, sabi nga ng mga kamag-anak at kaibigan niya.

Hindi man siya gaanong matangkad ay maganda

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

ang hubog ng katawan niya at biniyayaan siya ng mamula-mulang kutis na sing-kinis ng sa sanggol. Her round, dark, expressive eyes complement the large curls of her hair na parang buhok ni Meg Ryan.

Hindi sa walang nanliligaw sa kanya. Kaya lang she must admit, medyo mapili siya. Katuwiran niya, masama bang umasam ng boyfriend na pang-fairytale romance? After all, kung mauuwi sa maganda ang relasyon nilang dalawa, at kakasamahin niya iyon habambuhay, aba, dapat ang piliin na niya ay iyong tipong hindi siya maha-heart attack tuwing gigising siya sa umaga. O kaya ay iyong bago matulog sa gabi, hindi niya kailangang magtaka at maiyak kung bakit may katabi siyang siyokoy.

So far, dahil sa suwerte niya sa mga lalaki, lahat ng nakikilala niyang fairytale hero ay either may asawa na, kamag-anak niya, masyadong bata o kaya naman ay bading.

“Meg!” narinig niyang may sumigaw mula sa loob ng bahay bago lumabas ang may-ari niyon.

“Mitzi-cles!” Tumayo siya para humalik sa pinsan. “Happy birthday!”

“Na-miss kita, ah!” Niyakap siya nito.

“Isama mo kasi ako kapag may flight ka,” biro

niya.

“Oo nga, eh.” Inakbayan siya nito para igiya pabalik sa loob ng bahay. “Halika, kain na tayo. Gutom na gutom na ako, eh.”

Sa lahat ng magpipinsan, silang dalawa talaga ang close. Noong mga bata pa kasi sila, parati itong iniwan ng mga magulang sa bahay nila. Kinalakhan na nila ang pagturing sa isa’t isa bilang kapatid dahil pareho silang solong anak.

“So bakit ka nga nag-iisa sa labas?” Muli itong nagtanong nang makaupo sila sa harap ng mesa.

“Kasi naman...” Pinatirik niya lang ang mga mata pero sapat iyon para maintindihan siya ng kausap.

“Umaarya na naman sila?”

“Like, mula pa dumating ako.” She jabbed at the piece of potato on her plate. “I swear, isa pang beses na umiling ako, malalaglag na ang ulo ko, parang light bulb na natanggal sa socket.”

Tumawa ito nang malakas. “Grabe, Cuz, you’re so priceless!” Muli siya nitong niyakap.

Noon niya napansin ang isang bisita na tila kararating lang.

“Oh, wow...” bulong niya, her eyes dilated.

Sigurado siyang hindi nila kamag-anak iyon. Hindi pa niya naalalang nakita niya ito sa kahit anong gathering nila. At hindi mahirap tandaan ang mukhang iyon. Ang ganoon ba naman kaguwapo, makakalimutan ng kahit sino?

Ibinaba niya ang tingin at humawak sa dibdib. Parang naninikip iyon bigla.

“Huy! Napaano ka?” concerned na tanong ng kaharap. Naiisip nito na baka nabubulunan siya or nakakakita ng multo.

Nang itaas niyang muli ang ulo ay eksaktong napatuon ang mga mata ng lalaki sa direksyon niya. Ngumiti ito, iyong tipong ngiti na may bahid ng pakakakilanlan.

Susmaryosep, sobrang swerte ko ba that I know this guy?

Self-consciously ay ginantihan niya ang ngiti nito pero bago siya makakaway, lumingon si Mitzi sa tinitingnan niya at saka excited na lumapit sa lalaki. “Joseph! You made it,” salubong nito.

’Nak ng tokwang kamalasan naman... Minsan lang siya makapag-project, hindi pa pala siya ang

pakay!

“Halika, I want you to meet my cousin.” Hinatak ito ni Mitzi palapit sa kanya.

Nakaramdam siya ng momentary panic na parang gusto niyang tumakbo palayo. Pero weird iyon, at hindi niya maipapaliwanag ang ganoong behavior sa pinsan.

“This is Megan. Meg, meet Joseph Syjuco.”

“Hello, Megan.” In-extend nito ang kamay sa kanya kasabay ng ngiti at parang ninakaw nito lahat ng hangin sa buong katawan niya.

Grabe naman ang ngiting iyon, bagay na bagay sa commercial ng toothpaste. *With just one smile you take my breath away.* Para rin gusto niyang ituloy gawin ang kasunod na lyrics. *So hold me close and say you'll stay with me now.*

“Hi,” she said brightly habang kinakamayan ito. Hindi na siya nag-attempt tumayo dahil nanghihina ang mga tuhod niya. Nakakahiya kung bigla siyang mag-collapse. Kinailangan nga lang niyang tumingala dahil napakatangkad ng lalaki.

She noted the white uniform na may mga nakaburdang simbolo sa magkabilang balikat, sa

kuwelyo at sa kaliwang bahagi ng dibdib.

Dibdib... Susmaryosep, ano kaya ang pakiramdam umunan sa dibdib ng lalaking ito? Hindi hapit ang uniporme nito pero bakat doon ang kung anong binabalutan ng damit.

“Are you from the *Air Force*?” tanong niya.

“Nope,” iling nito, nakapaskil pa din ang ngiti sa labi, “but I am a pilot.”

Wala naman sigurong pilot na teenager... Puwede!

Mabilis siyang sumulyap sa kamay nito. May suot itong college ring pero walang plain band.

Single pa!

Unless it should turn out na bading na naman ito. Pero parang hindi dahil hindi pumipilantik ang mga daliri o ang balakang nito.

Or worse... baka engaged! Syet...

“Halika, Peps, kain ka muna. Meg, excuse lang saglit.” Bago tuluyang tumalikod ay kinindatan siya ng pinsan at kakaiba ang ngiting ibinalik nito sa kanya

Alam niyang may kahulugan iyon. Kung ano, hindi niya masigurado. Until itsismis sa kanya ng isa pa nilang pinsan.

“Ate Meg, ’yun ba ’yung Joseph?” kalabit nito.

“Oo, bakit? Kilala mo?”

Nakita niyang kinilig muna ito bago sumagot. “Not personally, pero nabanggit minsan ni Ate Mitzi na may irereto daw siya sa iyo na piloto, Joseph ang pangalan.”

“Ha?” Napalinga siya sa kinaroroonan ng mga ito. “Sigurado ka?”

“Oo naman.” Tumayo na ito nang makitang papabalik na ang kanilang pinag-uusapan. “Galingan mo, Ate, ha!”

Puwedeng-puwede! May awa si Lord!

“Here, dito ka.” Hinatak ni Mitzi para maupo sa tabi niya ang binata saka inumpisahan ang pagse-sales talk. “Alam mo ba, Meg, sa batch nina Peps, siya ang pinakabata pero siya ang nag-top?”

“Talaga?”

“Yeah, uhm,” medyo humina ang boses nito, “masipag lang ako siguro mag-aral tsaka masunurin sa instructions.”

Jackpot! Gusto na yata niya itong mahalín pero she held herself in check. Ayaw niya munang

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

mahalata nito na nae-excite siya. Hindi maganda ang impression na ready and willing sa unang pagkakakilala pa lang.

“Ilang taon ka noon?” Itinuon na niya ang buong atensyon dito.

“Mga ten years ago na ’yun, I was twenty-one.”

“Peps,” sumingit muli si Mitzi, “kuwento mo kay Meg kung bakit ka nag-aral maging pilot.”

Nagkibit muna ito ng balikat. “My dad is a pilot, sa kanya ko nakuha ’yung love for flying. Actually, me and an older brother. ”Tapos, my dad’s family owns mga apat na Cessna. Nagcha-charter kami ng flights.”

Parang nai-imagine niya ngayon siya si Michael Buble... *Come fly with me, let’s fly, let’s fly away...*

“Wow... Frustration ko ’yan.” Muli siyang nag-scoop ng kanin at ulam sa kutsara at isinubo iyon habang unconsciously ay nagpa-flutter ang eyelashes niya.

“How is that?”

“Gusto ko sana maging flight attendant kaya lang unang-una, hindi ako marunong lumangoy at sabi n’ung nag-interview sa akin, wala daw akong matutuntungan na apple box sa loob ng eroplano

para maabot ko 'yung overhead compartments.”

Natawa ito sa sinabi niya.

“So sa travel agency ka na lang nag-work.”
Sumubo ito ng seafood kare-kare. “Mmm, sarap nito,
ah! Sino ang nagluto?”

Siya naman ang natawa. “Maraming chef sa
malayong kusina na kung tawagin ay *‘Barrio Fiesta’*.”

Muntik na itong masamid dahil kasabay ng joke
niya ang paglunok nito ng pagkain.

“Sorry!” Inabutan niya ito ng baso ng juice.

“Megan, hindi ka ba masyadong okay sa akin?”
tanong nito, kumikislap ang mga mata.

“Huh?”

“Kasi hindi pa tayo nagtatagal magkakilala,
parang may intention ka nang patayin ako.”

“Hala, di ko sadya.”

Nakatitig ito sa kanya, naglalaro ang magandang
ngiti sa mga labi. Hindi niya sigurado pero parang sa
ngiting iyon ay siya lang ang nakikita nito sa buong
kuwarto.

At parang wala din siyang nakikitang iba kundi

ito.

“Guys, tingin dito!” isang boses ang pumukaw sa saglit na iyon. Pagharap nila ay kumislap ang flash ng isang camera.

Saka lang niya nakitang si Mitzi pala ang kumuha ng litrato. Paano ito nakaalis sa tabi nila nang hindi niya napapansin?

Bago ang sandaling iyon...

Joseph was going to attend the birthday party of a friend, isang flight attendant na na-meet niya some time ago sa Batanes nang minsang may trip siya. Nagbabakasyon ito roon kasama ang boyfriend nito na si Benjamin.

Naging malapit siya sa kanila dahil apparently, kapatid ng isang kabarkada niya si Benj. Nabanggit noon ni Mitzi sa kanya ang ipakikilalang pinsan nito. Maganda raw, very outgoing at hindi pa nagkaroon ng boyfriend. At parang bagay nga raw sila sa looks at personality.

Pumayag siya. Wala namang mawawala. Single naman siya, unattached at kahit ba malaking posibilidad din naman na kahit sa mata ng iba ay

bagay siya rito, may mga aspetong hindi mag-click sa kanila. Sabi nga, one can never have too many friends.

Kaya lang, parati naman silang nawawalan ng pagkakataon para magkita-kita. Kung hindi siya ang may flight, si Mitzi ang mayroon... o kung hindi, iyong si Megan mismo ang out of town.

Hanggang sa dumating nga ang gabing iyon.

Muntik pa siyang hindi makarating. Na-delay ang flight niya pabalik ng Manila from Caticlan. Mabuti na lang, ang sasakyan niyang iniwan sa hangar ay motorsiklo. It made it easier for him to negotiate the traffic coming from the airport.

Maraming tao sa bahay pagpasok niya. Hinahanap niya si Mitzi nang mapatuon ang tingin niya sa isang babaeng nakaupo sa harap ng hapag. Hanggang balikang kulot na buhok nito, mamula-mulang ang mga labing hugis-puso at misteryosong ngiting nagpatigil ng tibok ng puso niya. Dumako sa kanya ang bilugang mga mata nito pagkatapos....

Parang... nahigop siya ng buhawi.

“You made it!” salubong ni Mitzi sa kanya.

“Yeah, and I’m glad I did,” sagot niya, nakatingin

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

pa rin sa kausap nito kanina. Kung ang babaeng iyon ang ipapakilala sa kanya, he was more than glad he made it.

Magaan ang personality ng dalaga. He enjoyed her company immensely. Habang lumalalim ang kuwentuhan, he found himself becoming more and more enchanted with her.

Pero parang wala naman itong romantic interest sa kanya. Baka nagkamali si Mitzi. Hindi yata tipo ni Megan ang naghahanap ng isang karelasyon.

He sighed. Baka matagal-tagal na suyuan ito...

2

Pigil na pigil siyang kumandirit sa tuwa nang makitang kumakaway sa kanya si Joseph mula pa sa kabilang side ng lobby ng *RCBC Theater*. Manonood sila ng premiere ng movie version ng *Mamma Mia* at dahil male-late siya ng dating, sinabi niyang doon na sila magkita para hindi na komplikado pa.

“Hey.” Niyakap siya nito saka hinalikan sa pisngi bilang pagbati. “Nag-dinner ka na?”

“Hindi pa, eh,” sabi niya, sabay lingon sa mini resto-bar doon. “Baka we could get a sandwich or something?”

“Sige, gutom na din ako,” kaswal na umakbay ito para igiya siya papunta roon. “Mag-dinner na lang tayo nang mas matino pagkatapos ng show, maybe sa *Shang*.”

“Sure,” sabi niya dito pagkatapos kumagat sa isang pastrami sandwich.

Hindi lang *Broadway* musicals ang pareho nilang interes. They like classical music, ballet, dinner by candlelight, maglakad sa mall para makapagpalamig. Pareho nilang paborito na maglaro ng board games,

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

magkape at kumain ng chocolate chip pancake with peanut butter and syrup sa *Pancake House*.

Mula nang magkakilala sila ilang buwan na ang nakaraan, halos lahat ng pareho nilang hilig ay nagawa na nilang magkasama nang maraming beses. Katuwiran nila, they have so much fun doing these things with each other kaysa kung iba ang kasama nila. Besides, they both seemed to always have time to do things together.

“Napanood ko ito sa *Broadway* pero gusto kong makita ang interpretation ni Meryl Streep. I’m not so sure she can sing pero baka naman madala ng acting,” komento nito.

“Wow! I’ve never been to New York. Although nakarating na ako sa London. High school pa ako noon, panahon ng *Miss Saigon*. Hindi lang ako nakapanood kasi parang ten days out of the two weeks na nand’un ako, I was sick. ’Ayun tuloy, dinaanan ko lang ang Drury Lane noong pauwi na ako. ’Kainis...”

“Sakitin ka ba?” Napakunot ang noo nito.

“Hindi naman pero kapag nagkasakit ako, talagang bagsak. Kalaban ko ang sobrang lamig. Kahit hindi dala ng weather, kahit sa air-conditioning. Kaya ako parating may dalang jacket or coat,” paliwanang

niya.

“So ’asan ang coat mo ngayon?” Napansin nito na ang dala niya lang ay handbag at panyo.

“Oh, no!” napapalatak siya. “I left it in the cab. Sa Hong Kong ko pa binili ’yun.”

Sa kaengot-engotan naman talaga. Mabuti sana kung sa sariling kotse niya iyon naiwan. Eh, coding siya kaya siya naka-taxi. Then, “Announcement na ba iyon?”

Saglit itong nakinig at saka tumango.

“Hala... Wala kayang mabibilhan—”

“Ito na lang coat ko ang isuot mo,” putol nito sa sasabihin niya. Ibinalabal nito sa kanya ang hinubad na overcoat. “Kung kulang pa ’yan, p’wede kitang i-hug.”

Hug? As in embrace?

“Tara, baka mapagsarhan tayo.” Hinawakan nito ang kanyang kamay at sabay silang pumasok ng tanghalan.

He did not let go of her hand the whole time. Mabuti na lang, entranced siya nang husto sa pinanonood dahil kung hindi, baka mapahilig siya

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

sa balikat nito with matching contented sigh nang hindi niya namamalayan at hindi pa siya handang magpakita ng lovesickness sa lalaking ito.

As expected, naiyak siya. Eh, may pagkaiyakin naman talaga siya kung tutuusin. Ang ending, nakahilig na nga siya sa balikat ng binata dahil inaalo siya nito.

Somewhere sa gitna ng kanilang pinanonood, naramdaman niyang kumilos ito. Inilabas nito ang cellphone mula sa bulsa at binasa ang message na kapapasok lang. Pagsilip niya sa mukha nito, nakakunot ang noo nito at tiim-bagang na umiiling.

“Meg, sandali. I have to make a call,” bulong nito sa kanya bago tumayo at lumabas. Mabuti na lang, sa aisle sila nakaupo.

“Sure, no problem,” she whispered back.

Pagbalik, naupo lang itong nakatalungko sa tabi niya, “Meg, please don’t hate me.”

“Something wrong?” Iniyuko niya ang ulo.

“Uhm,” he ran his hand over his face, “my friend Grace called. Sobra siyang upset about something, I need to see what’s going on...”

“Ha?” Bahagya rin siyang nataranta. “Sige, go. I’ll

be fine.”

“Sure?” Isinuklay nito ang mga daliri sa buhok.

Pinisil niya ang bisig nito. “Oo naman.”

“I’m really sorry, Meg. Babawi ako, ha. Ngayon lang ito.” Humalik ito sa gilid ng ulo niya bilang paalam. “Ingat ka pag-uwi.”

“Yup. Ingat ka din.” Pinagmasdan niya ito habang paalis.

Sana that Grace person was not in any deep trouble...

Ang pagkakakilanlan nina Joseph at Grace ay mahigit limang taon na ang binibilang. May isang party gathering noon ng isang common friend. Nagustuhan niya ang dalaga dahil charming ito, bukod pa sa talaga namang maganda at masayang kasama.

For a time, sinubukan niya itong ligawan pero wala itong interes sa seryosong relasyon. Idinadahilan nito na hindi nito gustong matali dahil marami pa raw itong gustong marating. Hanggang sa makuha itong flight attendant sa *Qantas* which meant kailangan nitong mag-relocate sa Australia.

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

Mahirap daw mag-nurture ng long distance relationship. Okay na umano iyong alam nila pareho that they like each other, nagkakaintindihan sila. Hinayaan na niya ito at sinikap na lang niyang maging mabuting kaibigan dito.

Ang hindi maganda, buong panahong nasa Sydney ito ng nakaraang halos dalawang taon, ni hindi ito nag-attempt magsimula ng communication ni sumagot sa mga emails at text messages niya. Until he stopped contacting her altogether.

Ginulat lang siya nito nang nakaraang linggo by suddenly calling him and casually telling him she was back and insisted on seeing him right away.

Hindi lang niya ito agad napagbigyan dahil marami siyang napangakuang lakad ng mga sumunod na araw. Bukas pa sana niya balak bisitahin ito pero dahil sa urgency ng tono ng boses nito kanina, plus the fact na umiiyak ito, kinailangan niyang putulin ang gabi na kasama si Meg. Napipikon na tuloy siya ngayon sa traffic sa EDSA.

Wala kasing pamilya ang dalaga sa Pilipinas. Wala rin itong gaanong kaibigan. Siya lang ang inaaasahan nito.

Matapos siyang abutin ng halos dalawang oras

sa pagmamaneho, nakatayo siya ngayon sa harap ng bahay ng dalaga, kaharap at kausap na ito, pero mainit na ang ulo niya rito kaysa concerned.

“My God, isang linggo na since umuwi ako after more than a year of spending time sa Australia, ngayon lang kita nahagilap. At pilit na pilit pa bago ka pumayag pumunta dito.” Ganoon siya nito sinalubong.

“Hi, Grace.” Matabang ang ngiting iginawad niya.

“Bakit ba kasi kailangan mong manood pa ng *Mamma Mia* sa sine, eh, nakapanood ka na niyan sa *Broadway*?” patuloy nitong daldal. “Besides, ano ba namang pagkanta ang gagawin ni Meryl Streep, hindi naman siya singer. I mean, granted she’s a great actress—”

“Grace,” mahinahon niyang tawag dito para patigilin ito sa paglilitanya. “P’wede bang pumasok muna tayo?”

Tila napahiya ito sa sinabi niya. She took his arm and led him inside. Tahimik lang siyang sumunod dito. Nang makaupo sila sa sofa, saka niya ulit ito hinarap.

“Game, bakit nga ako nagpunta dito?”

“Peps,” malambing na humilig ito sa kanyang balikat, “hindi mo ba nare-realize na almost one year na tayong hindi nagkikita?”

Emergency iyon? Matter of life and death?

“Di ba sabi ko naman may mga obligasyon at commitments ako the past few days? Kailangan kong gampanan iyon dahil matagal nang naka-plot iyon sa mga plano ko. Hindi ka naman nagpasabing uuwi ka na when you did.”

“Kailangan ko pa ba gawin ‘yun?” She batted her eyelashes. “It’s me, Peps, not just another girl.”

Gan’un? Biglang *‘it’s me, not just some other girl’* after being incommunicado?

“Oo nga. Pero tulad ngayon, iniwan ko sa kalagitnaan ‘yung pinapanood ko at ‘yung kaibigan na sinamahan ko. Nakakahiya ang ginawa ko, hindi mo ba naisip ‘yun? Besides, anong oras na ngayon?”

“Almost eleven,” sagot nito as if walang mali sa pagdating nito doon ng ganoong oras.

“Sa palagay mo ba puwede sanang ipinaghintay na lang natin magkita hanggang bukas? I’d have been free to see you tomorrow.”

“It never used to matter kung kailan at anong

oras tayo magkita.” Nag-pout ang mahugis na labi ng dalaga.

Gustong tumirik ng mga mata niya. “Oo nga, it never used to matter...” Suddenly, parang napagod siyang mag-explain. Ayaw na niyang makipagdiskurso dahil sira na rin naman ang gabi niya. Make the most out of it na lang, wika nga. “Hindi na nga bale. Ano’ng gusto mong gawin ngayon? Puwede tayong mag-dinner or something.”

“Dinner would be nice.” Ngumiti ito nang pagkatamis-tamis. “Or siguro, kahit kape at sandwich sa *Starbucks* sa Katipunan. Baka ’yun na lang ang open this late.”

“Sige.”

“Later na lang ‘yung something,” makahulugang sabi nito na hindi niya pinansin.

Nagtagal pa ang pagkakape nila hanggang pasado ala una ng madaling araw. By the time naihatid niya ito pabalik ng bahay, mag-a-alas dos na. Ayaw na siyang pauwiin ni Grace dahil baka raw antukin siya, makatulog sa pagmamaneho at madisgrasya.

“And I really really missed you, Peps,” makahulugang sabi nito.

Tumingkayad ang dalaga, pinag-abot ang mga kamay sa likod ng batok niya at saka pinaglapat ang kanilang mga labi.

Siguro dala ng samyo ng vanilla butter sa buhok nito, ang malambot nitong mga labi na parang sutla, ang mainit nitong katawang nakadikit sa kanya at ang pananatili niyang celibate for the past how many months now, hinayaan niyang magupo ang sarili sa pinatutunguhan ng halik na iyon. After all, they were two consenting adults, he found nothing wrong with what they were about to do.

Naisip niya, sana ay nakauwi nang maayos si Megan.

Gutom na gutom na si Megan by the time natapos ang pinanood. Wala nang mabibilhan man lang ng pagkain doon at isa pa, agawan sa taxi dahil dagsang nagsilabasan ang mga theater-goers. Nang makapara ng isa, sumakay na siya agad at saka na lang nag-isip kung saan pa puwedeng mag-dinner at kung sino ang maaaring sumama sa kanya.

“Akala ko ba kasama mo si Joseph?” bungad ni Mitzi sa kanya nang dumating ito sa tagpuan nila sa *Café Breton* sa Tomas Morato. Mabuti na lang, gising

pa ito at nagkataong nagugutom din.

“Yeah. Pero midway through the movie kasi may nag-text sa kanyang friend na may emergency daw.” Nagkibit siya ng balikat para tapusin ang sinasabi. She tried hard not to show her disappointment.

Well, disappointment was an understatement. After all this time, ngayon lang siya nito iniwan sa kalagitnaan ng gimikan. At kung kailan pa wala siyang dalang sariling kotse!

But it was not really about the car...

Pinaningkitan siya nito ng mga mata. “May hindi ka yata sinasabi.”

“Asus! Wala! Imbento ka, eh.” Nanatili siyang nakayuko habang pinagkakaabalahan ang cellphone.

“Sige, order na muna tayo.” Kinawayan nito ang isang waiter. “Pero hindi ibig sabihin nakaligtas ka na, ha.”

Ang hirap ma-confront ng ‘kapatid.’ Mahirap magpanggap na mayroon kung wala at wala kung mayroon. Masyado siyang kilala nito.

Nag-order sila ng tig-isang hot crepe at isang dessert crepe para mapagsaluhan. She was having a second glass of apple cider nang muling maisipang

magtanong ng pinsan.

“So ano, na-hurt ka nga n’ung umalis si Peps?”

“Hindi, sus!” mariing tanggi niya habang hinahalo ang inumin gamit ang isang cinnamon stick.

Pinagtaasan siya nito ng kilay. “Totoong hindi?”

“Okay, fine. Na-upset ako.” Sa inis niya, nadurog niya ang isang dulo ng cinnamon stick. “Shit...”

“Hindi pala, eh,” palatak nito. “Ano ba kasi ang magagawa mo? Emergency nga daw. Baka nag-aagaw buhay ’yun, kung sino man ’yun.”

Sumimangot lang siya. “Baka nga naghihingalo si Grace.”

“Grace?” Napaupo ito nang derecho. “Grace Lado?”

“Ewan ko,” kubit niya ng balikat.

“Uh-oh.” Umasim ang mukha ng kaharap. “Kung si Grace Lado ’yan, no wonder nagkukumahog si Peps puntahan.”

“Sino ba ’yun?”

Ngumiwi ito. “Sis, girlfriend niya ’yun. Or, we’re assuming girlfriend niya si Grace.”

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

Naramdaman niya ang pagguho ng mundo. Girlfriend! Bakit hindi niya alam iyon?

Ano bang mayroon ang araw na ito at minamalas siya? Una, nawalan siya ng jacket. Pangalawa, nawalan siya ng kasama at taga-hatid sa bahay. Pangatlo at pinakamasaklap, mawawalan pa yata siya ng prospective boyfriend!

“Sabi niya ‘friend’ lang ’yung tumawag sa kanya.”

“Meg, medyo complicated kasi. Honestly, walang may alam kung ano’ng meron sa kanilang dalawa.” Nangalumbaba ito. “Kapag kasi tinatanong sila separately, pareho silang sumasagot na friends lang. Pero kapag nakita mo silang magkasama, parang sobra silang sweet. ’Yung tipong sweet na hindi na normal makita para sa magkaibigan lang.

“Tapos, nahahalata mo pa na timping-timpi sila to keep their hands from each other. I swear, kung nahahawakan ang electricity sa pagitan nila, marami nang namatay dahil na-electrocute!”

Hindi niya alam kung ano ang iisipin. Hopeless case na yata talaga siya.

“Meg.” Pinutol ng boses nito ang iniisip niya. “Sorry, I honestly thought wala na si Grace sa picture kasi before she left, hindi ko na rin sila nakikitang

magkasama ni Peps. Then again, hindi ko din naman palaging nakikita si Joseph dahil madalas na nasa Hong Kong ako.”

“Sinasabi mo ba na ’wag ko nang asahang may patutunguhan pa ang pagiging magkaibigan namin?” Kinailangan niyang itanong iyon kahit natatakot siyang malaman ang kasagutan.

She was actually starting to really really like him. She liked his arm across her shoulder. Liked his hand clasping hers. Liked his shoulder against her head. Liked sharing meals with him. Heck, she’d like him to properly kiss her!

Akala din niya, nagugustuhan na siya nito nang higit sa isang kaibigan.

“Hindi ko sinasabing walang pag-asa, Megan.”

“But?” Kinabahan siya dahil gamit nito ang buo niyang pangalan.

“Wag ka munang masyadong magpahulog ng loob kay Joseph until may konting assurance ka na ng kung ano’ng nararamdaman niya for you. I’m not saying mapaglaro si Peps. Ingatan mo lang ang puso mo.”

Huminga lang siya nang malalim.

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

It's a bit late for that now.

3

“Ano ba naman! Kailangan talaga wala tayo parehong payong tuwing uulan nang malakas!”

Nanginginig na sa lamig si Megan pagpasok niya ng bahay isang maulang Biyernes ng gabi. Kasama niya si Luanne, best friend at batchmate niya mula high school at basang-basa sila pareho. Kinailangan nilang takbuhin ang parking lot na may kalayuan sa kinainan nilang restaurant. Tinamad kasi siyang maglipat mula sa pinaradahan na malapit sa office dahil nga Biyernes iyon ng gabi at punuan na naman ang mga basement parking lots sa *Greenbelt*.

“Dito ka na lang sa banyo sa ibaba para sabay tayong makaligo. May mga towels sa shelf diyan, kumuha ka na lang,” bilin niya rito as she went up to her room.

“Okay.” Nagtatakbo na ito roon.

Pagdating sa kuwarto, hinubad muna niya ang basang mga damit at nagbalot ng bathrobe. Inihanda niya ang tub ng mainit na tubig at habang hinihintay na mapuno iyon, in-on niya na ang computer at server at saka naghalungkat ng damit na ipapahiram kay

Luanne.

Tatawag kasi ang ina nito through *Skype* at dahil wala itong sariling computer at Internet sa inuupahang apartment sa Manila, makikitulog ito sa kanya ngayon. Late na nang malaman nila ang tungkol sa tawag kaya wala itong dalang pagbibihisan.

Halos isang taon na rin itong wala. Bilang human resource trainor ng isang kilalang bangko, nadestino ito sa Ilocos para mag-train ng mga branch managers sa buong region. Tamang-tama naman ang pagbalik nito noong nakaraang araw dahil ibig sabihin, may kagimik na siyang iba bukod kay Joseph. May mangdi-distract na ng kanyang atensyon.

She had just turned off the tap nang umakyat ang kaibigan.

“Naka-on na ang computer,” saad niya habang kinukuha mula sa tokador ang bote ng body wash.

“Okay, Sis, salamat.” Naupo na ito agad sa harap ng aparato kahit hindi pa nakakapagbihis. Pagkatapos ay biglang napabulalas ito. “Oh, my God, sino ang delicious papa na ito?”

Sari-saring litrato ang naka-collage at ginamit niya bilang wallpaper ng computer. Ang nasa gitna ay isang litrato na may kasama siyang lalaking

nakaputing uniporme.

“Ha?” Sinilip niya ang itinuturo nito at napatalon ang puso niya nang makita kung sino iyon. “Si Joseph Syjuco, ’yung ipinakilala sa akin ni Mitzi na pilot.”

“Ang guwapo niya, ’Te!” Parang lalamunin na ng mga mata nito ang tinititigan. “Sobra-sobrang pagkaguwapo! Di na yata tama ito!”

“You should see him in person!” she gushed.

“I’m sure impressive din ang ITR nito lalo na’t sabi mo pilot,” patuloy na daldal ng dalaga habang nag-o-online sa *Skype*.

“Luanne!” Napapalatak siya sa kaprangkahan nito.

Palibhasa ay lumaki itong gipit parati dahil walang matinong trabaho ang ama, pakiwari nito ay pinakamahalaga ang pagiging financially stable ng isang lalaki para sa pamilya. Unti-unti lang itong nakaranas ng ginhawa nang makaalis ang ina patungong Florida.

“Te, alam mo, looking at the two of you in this photo, parang may nararamdaman akong kakaiba.” Inalog nito ang ventolin inhaler bago nag-spray. Nagsisimula kasi itong mag-wheeze.

“Talaga?” Kuminang ang mga mata niya bago niya naalalang dapat pala hindi muna siya mag-ilusyon. “I mean, hindi nga?”

“Oo naman!” Sumandal ito sa kinauupuan. “Tingnan mo kung paano naka-lean sa direction mo ang ulo niya. Saka ’yung smile niya para bang... sobrang in love na in love siya sa iyo at mamahalin ka niya habambuhay!”

Wish niya lang.

“Luanne, ’yung mga ganyang comments epekto ng sobrang ventolin sa utak,” nailing na aniya. “May girlfriend siya, okay?”

“Are you serious?” Bumagsak ang balikat nito nang tumango siya. Ibinalik nito ang tingin sa litrato. “Sayang, bagay kayong tingnan together, oh!”

Akala din ’yan ni Mitzi. At akala ko din.

“Di ko alam, Sis, nakakatakot, eh. Baka magising tayo one morning na naliligo na ako sa sarili kong dugo.”

“Gan’un?” Sumimangot ito.

“Exag lang, Sis. Pero may weird na sinabi si Mitzi about their relationship, eh.”

“Ano daw?”

“Hindi talaga yata magkahit ano si Peps saka 'yung girl, eh.”

“Ano'ng ibig sabihin na parang di sila magkahit ano n'ung girl?”

“Kasi ganito daw 'yan.” Naupo ito sa kama, nakataas ang dalawang paa sa kutson at tila nakalimutan nang dapat na siyang maligo.

Ikinuwento niya rito ang nalaman niya mula kay Mitzi. “Kaya lang, sa kabila ng lahat ng ito, kapag tinatanong daw sila, sinasabi nilang friends lang sila. Hello? Anong klaseng friends? May benefits?”

“Te, exag ka nga mag-isip.” Nangalumbaba ito.

“Ganyan din ang reaction ko kay Mitzi, 'no?” Napatirik ang mga mata niya. “Pero baka din naman hindi malayo sa katotohanan. 'Yung ganyang tipo ni Joseph, makikipag-jack-en-poy ka lang ba? Hindi mo ba iyan pagnanasahan kapag naiwan na kayong mag-isa?”

“Baka ikaw!” nakataas ang kilay nitong nanghahamon sa sagot niya.

Ibinuka niya ang bibig para magsalita pero naisip niyang huwag na lang. Sabi nga, baka ma-implicate

siya ng mga bibigkasin niya. Tama na munang si Mitzi lang ang nakakaalam kung gaano siya ka-patay na patay kay Joseph Syjuco.

“Di ka makasagot dahil totoo, ’no?” patuloy itong nanudyo.

“Tumatawag na nanay mo.” Itinuro niya ang nagbi-blink sa computer at saka iniwan ito para pumasok na sa banyo.

Maligamgam bordering on malamig na ang tubig paglubog niya ng tub. Agad niyang kinuha ang loofah at nilunod iyon sa vanilla-scented body wash.

Madiin siyang nag-scrub ng sarili dahil naiinis siya sa sinabi ng kaibigan. Hindi niya lang matantiya kung iyong inis ay dahil ba isinaboses nito ang nire-repress niyang damdamin, o dahil sa kawalan niya ng pag-asa to mean anything more than a friend to Joseph.

Padabog niyang ibinalik sa lalagyan ang loofah. Peste... Bakit ba kasi na-warning-an na nga siyang ingatang mahulog nang husto ang loob dito, pinabayaan pa niya ang sarili na ma-in love nang todo sa mokong? Bakit ba kasi uso iyong girl na walang romantic relationship?

Walang romantic relationship, my foot! Para ko

na din sinabing di na ako virgin! Duh?

Sighing, tumayo na siya para makapagbanlaw. Nag-uumpisa na siyang ginawin dahil malamig na ang tubig. Nang mabalot ang sarili ng tuwalya, humarap siya sa salamin para sa kanyang beauty regimen ng paglalagay ng moisturizer sa mukha at buong katawan.

What is wrong with me? Tunitig siya sa sarili habang pinapansin ang bilugang mga mata na napapalibutan ng mahahabang pilik, maliit at matangos na ilong, makinis na kutis and full sensual lips.

Hindi ba gugustuhin ni Joseph na humalik din sa akin?

Ipinilig niya ang ulo para iwaksi ang naiisip dahil lalo lang siyang nade-depress. Kumuha siya ng isa pang tuwalya para tuyuin ang makapal at may kulot na buhok.

Kumukulot na din yata talaga ang utak ko...

Lumabas siya ng banyo at naabutang nagpapaalaman pa ang mag-ina. Nang i-off ni Luanne ang computer, hinarap siya nito. “Akala ko nalunod ka na, eh. Ang tagal-tagal mong naligo!”

Nabahing siya bago sumagot. “Kulit mo kasi, eh.”

“Ako na naman?” Lumipat ito sa kama para mahiga.

“Bakit mo ba na-bring up pa iyang si Joseph?” Nahiga na rin siya sa tabi nito matapos magbihis ng oversized shirt.

“Aba, malay ko bang affected ka sa usapang iyon? Naguwapuhan lang naman ako d’un sa litrato.”

“Luanne,” she whined bago muling mabahing. “Gan’un ba talaga’ng mga lalaki?”

“Tingnan mo na?” Napaupo muli ito. “Pa-deny-deny ka pa d’yan, tama naman ang hula ko. Kilala na kita, ’no!”

“Oo na. Isisigaw ko for the first time mula nang makilala ko siya: I like him, okay?” Isa pang bahing. “In fact, in love ako sa kanya for the longest time pero hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng pagiging in love ko dahil may isang Grace ngayon na hindi ko matantiya kung ano’ng papel sa buhay niya at hindi din namin alam kung ano siya sa buhay ng babaeng ’yun...”

“Wait! Isa-isa lang!” Itinaas nito ang kamay para pigilan ang pagratsada niya. “Grabe, Mars, daig mo

pa ang machine gun, ah!”

Suminghot lang siya.

“Tanungin mo kaya siya?”

“Nakakahiya kaya? Baka isipin n’un, tsismosa ako!”

“Susme, magtatanong lang!” Umikot ang mga mata nito. “Ito na lang... Ipinapakita mo ba kay Mr. Gorgeousness na willing kang maging girlfriend niya?”

“Yuck, ang gross, Luanne! May girlfriend nga ’yung tao, hahabulin ko? Di naman ako pokpok, ’no?” Kinilabutan siya sa ideya.

“Wala naman akong sinasabing magpakapokpok ka!” Tumirik ang mga mata nito. “Yan ang problema mo kasi, Meg. Gusto mo ng relasyon pero more often than not, hindi mo pino-project na gusto mo ’yung guy bilang more than someone to play chess with. Te, ang lalaki hindi papatol sa babae kung pakiramdam nila mapapahiya lang sila. At saka, akala ko ba hindi naman sure kung ano ’yung girl sa kanya? May pag-asa ka pa siguro, Sis!”

“Is that your expert opinion?”

“You don’t trust me?” Pinanlakihan siya nito

ng mga mata and watched her sneeze for the nth time. Hinatak siya nito para magbangon. “At puwede bang uminom ka muna ng gamot? Malapit na akong mahawa!”

“Oo na.” Tumayo siya para gawin ang sinabi nito.

Dalawang tableta agad ang ininom niya. Nararamdaman niyang nag-uumpisang mag-init ang kanyang mga mata.

Pagbalik niya sa kuwarto, nakahiga at nakapikit na ang kaibigan.

“Huy!” Inalog niya ito para magising.

“Ano ba, Meg!” Nakasimangot na muli itong nagdilal.

“Ano’ng gagawin ko?” She turned puppy eyes at her friend.

“Tigilan mo muna ang kahibangan mo ngayong gabi at matulog ka na dahil inaantok na ’ko. Naririndi na ako sa kakanguyngoy mo diyan.” Tinalikuran siya nito at nagtalukbong. “Bukas, magde-decide ako kung trip kitang tulungan.”

Dumila siya sa likuran nito bago pumikit at hayaang iduyan siya ng gamot.

Napakasakit ng ulo ni Meg nang magising siya kinaumagahan. Parang may pabigat ang mga mata niya nang subukan niyang magmulat at tila may nakasaklob sa ilong niya kaya hindi siya makahinga nang maayos.

“Luanne,” she called out weakly. “I’m sick,” bulong niya. Para siyang inaapuyan sa init pero at the same time, nanginginig siya sa ginaw.

Bigla ang pagmumulat nito. Inilapat nito ang palad sa noo at leeg niya at saka napabulalas. “Oh, my God, ang taas ng lagnat mo!”

“Ang sakit-sakit ng ulo ko.” Muli siyang pumikit dahil parang barena sa utak ang liwanag na pumapasok sa bintana ng kuwarto niya.

“Sinasabi ko na nga ba, sakitin ka pa sa dilang sakitin.” Nagbangon na ito. “Anong oras dadating ang maid mo?”

Umiling siya bago mapahawak sa ulo. Nahilo siya dahil sa ginawa. “Day-off niya hanggang bukas. Weekend ngayon, di ba?”

“Siya, sandali lang. I’ll go down para mag-inspect ng ref.” Nagsuklay ito ng buhok bago iyon itinali.

Una At Huling Mamahalin - Edith Joaquin

“Kailangan mong kumain para makainom ka ng gamot.”

Tamang-tama pagbaba ni Luanne ay nadinig nitong tumutunog ang bag niya. Sinundan nito ang tunog niyon at natunton ang cellphone.

Joseph S., iyon ang pangalan ng tumatawag.

Aha!

Napangiti ito habang nasa isip ang solusyon sa drama niya. Tingnan mo nga naman ang pagkakataon.

4

Excited si Joseph paglapag na paglapag pa lang niya sa runway ng *NAIA*. Kagagaling lang niya sa Palawan kung saan inilipad niya ang isang business tycoon na kilala bilang isa sa pinaka-eligible na bachelors ng bansa kasama ang napapabalitang girlfriend nito na isang magaling na ballerina. Nabanggit ni Megan na paborito nito ang dancer at ikinuha niya ito ng autograph.

Paglabas ng eroplano ay agad niyang inilabas ang cellphone para tawagan ang dalaga.

“Hello?” boses ng isang babae ang sumagot pero hindi niya kilala iyon. Kinailangan tuloy niyang silipin muli ang screen ng telepono para siguraduhing hindi siya nagkamali ng pag-dial ng numero.

“Megan?” alanganin siyang nagtanong.

“Is this Joseph?” balik nito.

“Yes, p’wede kong makausap si Megan, please?” Tumigil muna siya sa paglalakad para sumilong sa isa sa mga bukas na hangar. Tumitindi na ang init ng araw dahil patanghali na.

“Ay, si Luanne ito, friend ni Meg. Nasa itaas siya, grabe ang lagnat. Naulanan kasi kagabi ’tas natuyo sa katawan niya ’yung damit niya.”

Nabahala siya. Naaalala niyang sinabi nitong bihira naman ito kung magkasakit pero matindi kapag tinamaan.

“I’m kinda worried, actually,” nagpatuloy sa pagsasalita ang babae sa kabilang linya, “kasi kailangan ko nang umalis in a while at wala siyang kasama rito sa bahay. Hindi ko sure kung kanino ko siya puwede ipagbilin kasi day-off ng maid niya hanggang bukas ’tapos parang wala din tao sa kabilang bahay, sa tita niya.”

“Well, papunta ako diyan kasi ngayon,” sabi niya bago siya muling masingitan nito.

“Oh, my God, you’re such a lifesaver! Saan ka manggagaling at saka p’wede ka bang mag-stay dito until, like, early evening? Kailangan ko lang kasing umuwi sa Antipolo ’tapos babalik na lang ako.”

“Yeah, sure, I’m on my way.” Madali siyang sumakay ng kotse para puntahan si Megan. “Manggagaling lang ako sa Pasay kasi kalalapag ko lang from Palawan. Nasa airport pa ako. May kailangan ba si Meg? Puwede akong dumaan ng

grocery or ng restaurant at drugstore.”

“Uhm... pabili lang ng kahit fruits, eggs, noodles saka tinapay. Saka nga pala paracetamol at amoxicillin.”

“Okay, sige.” Ini-start niya ang kotse. “Be there soon.”

Bumili siya ng lahat ng ipinagbiling sa kanya. Pagkatapos ay paharurot siyang bumaybay ng daan papunta kina Meg. Siya na lang ang magbabantay rito magdamag. May first aid training siya, mas makakatulong kung siya ang naroon kaysa kay Luanne bukod pa sa talagang nag-aalala siya at hindi rin mapapakali kung hindi niya ito mababantayan.

May pagpapalitan pa naman siyang damit sa trunk ng kotse. And anyway, it’s a weekend at wala siyang importanteng gagawin sa bahay. At kung mayroon man, mas importante naman si Meg sa kahit anong naghihintay sa kanya.

May malamig na dumadampi sa noo niya kaya nagising si Meg. Nang magmulat siya, ang nag-aalalang mukha ni Joseph ang nakita niya.

“Hey! Kumusta na ang pakiramdam mo?”

nakaupo ito sa gilid ng kama, nakangiti.

“Better than kanina.” Ginantihan niya ang ngiti nito. “Akala ko nasa Palawan ka?”

“Dumating ako kaninang umaga.”

“Kaninang umaga?” Napakunot ang noo niya. “Ano’ng oras na ba?”

“Almost six na ng gabi.” Muli nitong itinubog ang face towel sa bowl ng malamig na tubig na may alcohol.

Tumingin siya sa direksyon ng bintana. Dumidilim na nga.

“Eh, ano’ng oras ka dumating dito sa bahay?”

“Bago magtanghali ’andito na ako. Inabutan ko pa si Luanne na nagliligpit ng breakfast n’yo na halos di mo daw kinain.”

She shivered sa naalalang breakfast. Matapos lunukin ang dalawang kagat ng toast na pinahiran ng butter at tatlong lagok ng gatas, nag-give up siya. Isusuka na niya kung may susunod pa roon. Pagkainom niya ng gamot, nawalan na siya ng ulirat.

“Tapos,” nagpatuloy itong magkuwento habang pinupunasan ang mga braso at kamay niya, “n’ung

pinapakain naman kita ng lunch, humigop ka lang ng tatlong kutsarang soup, tinulugan mo na ulit ako. Buti nga nagising pa kita para makainom ng gamot, eh.”

“Lunch?” Hindi niya naaalala na kumain siya ng lunch at all.

“Yup.” Hinaplos nito ang kanyang buhok. “You don’t remember?”

Umiling lang siya. Pagkatapos, napansin niyang iba na ang suot niya kaysa ipinantulog nang nakaraang gabi.

“Peps.” Tumingin siya mula sa binata, sa damit at pabalik muli sa binata. “Sino’ng nagpalit ng damit ko?”

Pilyong kumislap ang mga mata nito habang marahang nag-chuckle.

Nanlaki ang mga mata niya. Dear Lord! Diyata’t nabosohan na siya nito nang hindi niya nalalaman?

“Peps!” Nagpa-panic na hinatak niya ang kumot para itakip sa sarili hanggang leeg.

“Binihisan ka ni Luanne bago siya umalis dahil basang-basa ka ng pawis.” Dumukwang ito para lapatan ng halik ang noo niya. “Masyado ka namang praning.”

Tsk... Ay, ano ba 'yun?

“Ano’ng oras daw babalik si Luanne?” Sinubukan niyang maupo pero wala pala siyang lakas gawin iyon. Gumewang siya at muntik nang mahulog sa kama.

“Napakatigas ng ulo naman.” Inalalayan siya nito para muling mahiga. “Sabi ko kay Luanne, ’wag nang mag-abalang bumalik dito kasi p’wede namang ako na ang magbantay sa iyo.”

Bantayan mo na din sana pati puso ko.

Maryosep, hindi pa yata nagbi-break ang lagnat niya. Nagdedeliryo pa ang pag-iisip niya.

“Sigurado ka?” Sinabi niya finally while she peeped at him through her lashes. “Baka matsismis tayo’t makarating ito sa hindi dapat makabalita.”

Nagkunot ito ng noo. “Ha? Ano naman ang matsitsismis tungkol sa atin? At sino naman ang iniiwasan nating makarinig ng tsismis?”

“Ewan ko lang.” Again, huwag magsasalita kapag maaari kang ma-implicate sa sasabihin.

“Bakit parang may alam ka na hindi ko alam?” Pinaningkitan siya nito ng mga mata. “May itinatago ka ba na boyfriend?”

“Huy, wala, ’no!” Umiling siya bago niya naalalang hindi pala dapat niya ginagawa ang ganoon kapag may sakit siya dahil mahihilo siya.

“O, wala pala, eh.” Hinagod nito ang ulo niya.

“Hindi pa ba tayo magdi-dinner?” Hinigit niya ang kumot para ipantakip sa mukha.

Hinawakan nito nang mahigpit ang dalawang kamay niya. “Meg?”

“Wala akong ibig sabihin.” Iniiwas niya ang tingin dito. “It’s just a generalization. I mean, di ba ako lang ang nakatira dito ’tapos wala naman chaperone, ’tapos magkaibigan tayo pero wala naman tayong relasyon pero dito ka matutulog sa bahay ko at marami tayong common friends na p’wedeng mag-conclude ng kung anu-ano sa pag-stay mo dito at nakakatakot pa na baka makarating kay—” Mabuti na lang nakuha niyang takpan ang bibig bago niya masabi ang dulo ng litanya.

Tumitig lang ito sa kanya, nakakrus ang mga bisig sa harap ng dibdib. “Kahit pala may sakit ka, ang bilis mong dumaldal?”

Yumuko siya dahil ayaw niyang salubungin ang tingin nito.

“May narinig ka tungkol sa amin ni Grace, tama ako?” He held her chin between his thumb and forefinger and turned her face to look into her eyes.

God! Bakit ba kung tumitig ang lalaking ito, parang nahuhubaran ako?

Nagbuntong-hininga siya. Gaya ng payo ni Luanne, itinanong niya, “Ano ba talaga ang mayroon between you and Grace?”

“Ano ba ang nasabi sa iyo?”

“Well,” she sunk deeper into her pillows, “wala ba kayong relasyon? I mean, hindi ba kayo? I mean, like, boyfriend-girlfriend. I mean...”

“Meg, I got it the first time.” Napangiti ito sa katarantahan niya. Huminga ito nang malalim bago mahinang tumugon, “She’s a friend.”

Hus! Showbiz! Labas sa ilong ang sagot!

Mabuti na lang hindi niya sinabi iyon nang malakas. Maysakit siya, oo, pero hindi naman siguro siya nagdedeliryo para hindi mapansin na parang may mali sa expression sa mukha nito habang sinasabi sa kanyang wala itong ugnayan kay Grace. Parang... parang may ayaw aminin.

“Can we have dinner na?” naitanong na lang

niya. Humahapdi na ang sikmura niya dahil sa gutom.

Tumawa ito nang malakas. “Ang cute-cute mo!”

Mas okay sana kung sinabi nitong maganda at sexy siya, pero puwede na rin iyong masabihan ng ‘cute.’ “So ano’ng food natin?”

“May niluto si Luanne na sopas kanina.” Tumayo ito at umakmang lalabas ng kuwarto. “I’ll go down para ipainit ’tapos dadalhin ko na lang dito.”

“Peps, sa ’baba na lang tayo kumain para hindi na hassle para sa iyo.” Muli niyang hinila ang sarili paupo.

“Sinasabi mo bang kaya mo maglakad?” Tumigil ito sa pagpihit ng doorknob.

“Oo naman.” Hinawi niya ang kumot para mailapat ang paa sa sahig.

“Right.” Obviously, hindi ito naniniwala. “Di ba, kanina lang muntik ka nang malaglag sa kama?”

Gumalaw ang bibig niya para muli sanang magprotesta pero walang boses na lumabas doon.

“Buhatin na lang kita.” Lumapit ito sa kanya at inilagay ang bisig sa likod niya.

“Wait,” pigil niya rito.

“Natatakot ka ba na baka mabitawan kita?”

Natatakot ako, baka hindi ko na gustong bitawan mo ako.

“Sige na nga, try muna natin.” Pinagbigyan siya nito, holding out his hand to her to help her stand.

Hindi niya sinasadya—o baka naman sinadya niya talaga—pero hinang-hina ang mga tuhod niya. Pagtapak pa lang niya sa sahig, bumigay na ang legs niya.

“Sinabi ko na sa ’yo, eh,” anito sabay buhat sa kanya.

“Hindi ko naman akalaing posibleng manghina nang ganito after only a day of fever.”

Diyos ko po... Parang gusto ko na lang ang ganitong puwesto forever. She could breathe in his scent at naliliyo siya sa epekto niyon sa kanya. Gusto niyang haplusin ang mukha nito. Gusto niyang maramdaman ang lambot ng buhok nito sa pagitan ng kanyang mga daliri. Gusto niyang maranasan kung ano ang pakiramdam ng mga labi nito sa kanya.

“See? Magaan ka lang naman, eh.” Tinungo nito ang direksyon ng pintuan. “Kaya mo naman sigurong pihitin ’yung doorknob, ano?”

She did. Pagkatapos, napatingin siya sa mukha nito. Agad niyang naramdaman ang pag-iinit muli ng katawan at alam niyang hindi lagnat ang pinagmumulan niyon.

In those few seconds na nagkatitigan sila, nakita niya sa mga mata nito ang marahil kaparehong kislap na napansin ni Luanne sa litrato nila sa kanyang desktop. There was something there that said he felt something for her.

Sa sandali ring iyon, bumulong ang puso niya at sigurado siyang narinig nito iyon.

I love you, Joseph.

Akala niya ay tutugunin nito ang magic na kanilang pinagsasaluhan dahil biglang naging intense ang pagkakatitig nito sa kanya. Kaya lang, kumurap siya.

“Gutom na gutom na din pala ako.” Nasabi lang nito bago pumanaog.